
# Point VIEWER Publishing

PVN






by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 5

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 29 | FEBRUARY 16 - 22, 2026 | ₱15.00

# PAGDEDEKLARA SA FEB. 25 BILANG 'ACADEMIC HOLIDAY' PARA SA PAGGUNITA SA EDSA REVOLUTION, ISINUSULONG

3



Hinihimok ang mga paaralan at educational institutions sa bansa na ideklara ang Pebrero 25 bilang academic holiday para sa paggunita ng EDSA People Power Revolution.

## Petisyon, inihain sa Korte Suprema para maipadeklarang 'unconstitutional' ang '7 appointees' sa BTA

BASAHIN SA PAHINA 2



## US skiing superstar Lindsey Vonn lalahok pa rin sa Winter Olympics

BASAHIN SA PAHINA 8

## Pistons, tinambakan ng 53 points ang Nets

BASAHIN SA PAHINA 8

## Ex- SC Associate Justice Carpio, ipinaliwanag na nakasaad sa international law ang hangganan ng EEZ ng PH

BASAHIN SA PAHINA 3



## PCG spox Tarriela, dismayado sa pahayag ni Sen Marcoleta kaugnay sa WPS

PAHINA 2

## Arrest team, naka-standby na sakaling arestuhin ang ilang senador na umano'y sangkot sa flood control scandal

PAHINA 3

## DepEd chief, pinamamamadali ang pagkakakumpleto ng mga natenggang classroom

BASAHIN SA PAHINA 3

# Petisyon, inihain sa Korte Suprema para maipadeklarang 'unconstitutional' ang '7 appointees' sa BTA



Naghain ngayong araw ang grupong League of Bangsamoro Organizations sa Kataas-taasang Hukuman upang kwestyunin ang pagkakatalaga sa pitong indibidwal maging bahagi ng Bangsamoro Transition Authority o B.T.A.

Partikular na inihain mismo ng naturang samahan ang 'Petition for Certiorari and Mandamus' sa Korte Suprema, lungsod ng Maynila.

Kapansin-pansin, kasabay ng kanilang paghahain ng petisyon ay ang mga kasamahan rin o kapwa muslim nagsagawa ng demonstrasyon.

Kalakip sa petisyon inihain ng grupo ay ang kahilingan na maideklrang 'unconstitutional' ang '7 appointees' sa Bangsamoro Transition Authority.

Ayon kay Atty. Badrudin Mangindra, Legal Counsel ng mga Petitioners, mahalaga aniya ang naturang usapin lalo na para malinaw ang patungkol sa pagiging parte rito ng Moro Islamic Liberation Front o MILF

Hinaing ng grupo na dapat Moro Islamic Liberation Front ang mayorya sa hustong bilang.

Kaya naman hiling nila sa petisyon inihain na sila'y paburan ng mahistrado at pakinggan ang nais na maipadeklarang 'unconstitutional' ang mga naitalaga.

Maging sa 'mandamus petition' ay hiniling ng grupo na mapagbigyan para atasan ang pangulo na linawin o ituwid ang naturang isyu.

Paglilinaw naman ng grupo na ang paghahain nila ng petisyon ay hindi mula pampulitikal na interes kundi upang ipaglaban ang integridad ng Bangsamoro Transition,

Kung kaya't ipinauubaya na lamang anila sa Kataas-taasang Hukuman ang bigyan kaliwanagan ang limitasyon sa 'appointing power' sa transitional government.

# PCG spox Tarriela, dismayado sa pahayag ni Sen Marcoleta kaugnay sa WPS

Ipinahayag ni Philippine Coast Guard (PCG) spokesperson Commodore Jay Tarriela ang pagkadismaya sa mga pahayag ni Senator Rodante Marcoleta, na para sa kanya ay tila minamaliit ang posisyon ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS).

Bilang Pilipino, nakaka-dismaya at nakaka-galit aniya na may isang elected member ng Senado at Kongreso na kung magsalita ay tila wina-walang bahala ang ating posisyon sa WPS.

Ang reaksyon ni Tarriela ay kasunod ng mungkahi ni Marcoleta na maaaring isuko ng Pilipinas ang Kalayaan Island Group (KIG) dahil may ilang bahagi nito na lampas sa ating exclusive economic zone. Sinabi naman ni Marcoleta na "deliberately abbreviated" ang konteksto ng kanyang pahayag.

Para kay Tarriela, malinaw ang mensahe ng senador, na imbis kondenahin ang ilegal at agresibong kilos ng China, umaayon pa sa interes ng People's Republic of China at ina-undermine ang posisyon ng PCG.\

Inimbitahan din ni Tarriela si Marcoleta at ang kanyang anak na sumama sa isang maritime domain awareness (MDA) flight sa KIG upang makita nila ang kabataan at komunidad ng mga Pilipino sa Pag-Asa, at maunawaan kung bakit ipinagtatanggol ito ng Armed Forces of the Philippines at PCG.

Ayon kay Tarriela, wala pang koordinasyon ang kampo ni Marcoleta tungkol sa naturang imbitasyon.

# Arrest team, naka-standby na sakaling arestuhin ang ilang senador na umano'y sangkot sa flood control scandal

Naka-standby na umano ang arrest team, sakaling tuluyang ipa-aresto ang ilang senador na idinadawit sa isyu ng flood control scandal, ayonkay Ombudsman Jesus Crispin "Boying" Remulla.

Ginawa ni Remulla ang pahayag, kasunod ng lumutang na umano'y pagpapalit ng liderato sa Senado.

Ayon kay Remulla, hindi dapat mabahala si Senate President Vicente Sotto III mula sa grupo ng mga senador na umano'y may kinalaman sa panibagong coup attempt dahil malapit na aniyang arestuhin ang ilan sa mga ito na dati nang isinasangkot sa nabunyag na iskandalo.

Bagaman hindi na pinangalanan ni Remulla ang mga tinutukoy niyang senador, maalalang ilan sa mga miyembro ng minority ang napabilang sa lumabas na inisyal na draft report ng Senate Blue Ribbon Committee, tulad nina Senator Joel Villanueva, Sen. Jinggoy Estrada at Sen.Francis Escudero.

Ang tatlo ay iniimbestigahan din ng Department of Justice dahil sa kaparehong isyu.Una nang inaresto si dating Sen. Ramon 'Bong' Revilla Jr. dahil sa umano'y pagtanggap niya ng kickback sa ilang public infrastructure project noong siya pa ay senador.

# Repopulation ng baboy, nagdulot ng pagbaba ng presyo ng karneng baboy – SINAG



Patuloy ang hog repopulation program sa ilang lugar sa Luzon, kabilang na ang Pangasinan matapos ang matinding epekto ng African Swine Fever (ASF) noong mga nakaraang taon.

Ayon sa Samahang Industriya ng Agrikultura (SINAG), nakatulong ang repopulation efforts sa pagbaba ng presyo ng karneng baboy sa mga pamilihan.

Batay sa datos ng Department of Agriculture (DA), bumaba ang average retail price ng baboy ngayong Pebrero 2026 kumpara sa nakaraang taon, kung saan umabot pa sa P400 kada kilo ang presyo noong Abril 2025.

Ayon kay Engr. Rosendo So, chairman ng SINAG, muling nagkaroon ng kumpiyansa ang mga hog raisers na mag-invest sa produksyon dahil sa repopulation.

Dagdag pa rito, nakatulong ang pagbaba ng farmgate prices at mas mahigpit na monitoring laban sa overpricing.

Samantala, nnanawagan ang National Federation of Hog Farmers na ibalik sa mas mataas na antas ang pork tariffs upang maprotektahan ang lokal na industriya laban sa imported na karne.

Sa kabuuan, nakikitang positibo ang epekto ng repopulation efforts sa Pangasinan, dahil bukod sa mas mataas na supply para sa mga hog raisers, nagdudulot din ito ng mas abot-kayang presyo ng karneng baboy para sa mga konsumer.

# Mahigit 100-K trabaho nawalan sa construction sector dahil sa flood control corruption —Labor Group

Malaking dagok ang tinamo ng sektor ng konstruksyon matapos lumabas ang malawakang katiwalian sa mga flood control projects, ayon sa National Union of Building & Construction Workers (NUBCW).

Sa isang panayam inihayag ni NUBCW Secretary General Santiago Nolla na mahigit 100,000 trabaho umano ang nawala matapos kanselahin ang mga permit ng mga contractor na sangkot sa iskandalo.

Ayon sa grupo, apektado hindi lamang ang direktang empleyado ng mga construction firm kundi pati na rin ang mga subcontracted workers na nakatalaga sa mga proyektong ito.

Naramdaman umano ang epekto ng iskandalo kasabay ng ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA) na tumaas ang unemployment rate noong nakaraang taon. Ipinakita ng full-year data na ang unemployment rate ay umanot sa 4.2% noong 2025, mas mataas kumpara sa 3.8% noong 2024.

Dahil dito nanawagan ang NUBCW ng agarang hakbang para suportahan ang mga nawalan ng trabaho at magpatupad ng reporma upang maiwasan ang katiwalian sa mga proyektong pang-imprastruktura na direktang nakakaapekto sa kabuhayan ng mga manggagawa.

# Pakikipag-ugnayan sa ibang bansa para sa lokasyon ni Atong Ang, mas pinalakas pa ng PNP

Mas pinaigting pa ng Philippine National Police (PNP) ang kanilang pakikipag-ugnayan sa iba pang mga ahensya sa ibang bansa para matunton ang lokasykn ng puganteng businessman at umano'y mastermind sa missing sabungeros case na si Charlie "Atong" Ang.

Ayon kay PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr., layon nito na mahadlangan pa ang mga kilos at mga susunod na hakbangin ni Ang matapos maiulat na wala siya sa Cambodia, taliwas sa mga nauna nang pahayag ng Department of Interior and Local Government (DILG).

Samantala, nananatiling masigasig ang Pambansang Pulisya at ang iba pang nga katuwang na law enforcement agencies na magsagawa at ipagpatuloy ang manhunt operations laban kay Ang at maging sa mga kapwa niya pugante.Nauna nang sinabi ni DILG Sec. Jonvic Remulla sa isang panayam na mas malaki pa rin ang posibilidad na nasa bansa pa si Ang at hindi pa nakakalabas ng Pilipinas.

Mas pinalakas naman ang pagpapatupad ng seguridad sa mga pantalan, paliparan maging sa backdoors ng bansa upang matiyak na hindj makakapuslit ang puganteng business tycoon patungong ibang bansa.

# Pagbibigay ng exploration permit sa foreign mining company sa Nueva Vizcaya, pinapaimbestigahan sa Senado

Pinapaimbestigahan na ni Sen. Kiko Pangilinan sa Senado ang pag-iisyu ng exploration permit sa isang dayuhang mining company sa Dupax del Norte, Nueva Vizcaya.

Sa kaniyang inihaing resolusyon, hiniling ng senador sa Committee on Environment, Natural Resources, and Climate Change na magsagawa ng imbestigasyon in aid of legislation, sa umano'y kaguluhang angyayari sa naturang lugar, kasunod ng exploration activities.Nakasaad dito ang ginawa ng mga residente ng Dupax del Norte na pgtatayo ng barikada upang pigilan ang mga magsasagawa ng pagmimina at protektahan ang kanilangkarapatan sa libu-libong ektarya na saklaw ng minong exploration permit. Nais ng senador na mabusisi ang inilabas na permit, kabilang na ang compliance nito sa mga environmental law, at tukuyin kung may nangyaring procedural violation.Kung babalikan ay ipinagkaloob sa Woggle Corporation ang DENR-MGB exploration permit para magsagawa ng pagmimina ng ginto at tanso sa humigit-kumulang 3,100 ektaryang lupain sa lalawiganGayunpaman, hinaharang ito ng libu-libong mga residente, lalo na ang mga miyembro ng indigenous people, dahilan upang pumagitna na ang pulisya.


Point VIEWER Publishing PVN

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant Manager

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!



papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.



INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter



## Ex- SC Associate Justice Carpio, ipinaliwanag na nakasaad sa international law ang hangganan ng EEZ ng PH

Ipinaliwanag ni dating Supreme Court Associate Justice Antonio Carpio na hindi na kailangang pormal na i-anunsyo ang coordinates ng exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas, dahil nakasaad na ito sa international law.

Ang coordinates ng EEZ ay mga latitude at longitude na nagtatakda ng hangganan ng dagat na kontrolado ng isang bansa para sa paggamit ng mga likas-yaman.

Ayon kay Carpio, ang karapatan ng isang coastal state sa continental shelf o bahagi ng dagat na malapit sa lupa, ay umiiral "ipso facto at ab initio" o agad sa simula pa lang may karapatan ang bansa sa karagatan sa paligid nito.

Paliwanag ni Carpio, ang territorial sea at continental shelf, kung saan kabilang ang EEZ at Extended Continental Shelf, ay natural na extension ng lupa, at binanggit ang UNCLOS Article 76 at 77 at ang 1969 North Sea Continental Shelf Cases bilang basehan.

Giit ni Carpio ang kailangang i-anunsyo lamang ay ang baselines ng archipelagic state, na nasunod na ng Pilipinas sa pamamagitan ng Republic Act 9522.

Ang pahayag ni Carpio ay kasunod ng debate nina Senator Kiko Pangilinan at Sen. Rodante Marcoleta tungkol sa West Philippine Sea, kung saan pinuna ni Marcoleta ang kakulangan ng malinaw na coordinates sa arbitral ruling at nagbigay ng babala sa mga pahayag tungkol sa tulong ng China sa Scarborough Shoal.

Binigyang-diin naman ni PCG spokesperson for the WPS Commodore Jay Tarriela na maituturing na kataksilan ang pagtatanggol sa maritime claims ng China.

# Pagdedeklara sa Feb. 25 bilang 'academic holiday' para sa paggunita sa EDSA Revolution, isinusulong

Sa isang joint statement, hinikayat ng Catholic Bishops' Conference of the Philippines – Episcopal Commission on Catholic Education (CBCP-ECCE) at Catholic Educational Association of the Philippines (CEAP) ang mahigit 1,500 na Catholic schools na miyembro nila na suspendihin ang regular classes sa naturang petsa, at sa halip ay magdaos ng mga aktibidad upang palalimin pa ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa makasaysayang pangyayari.Anila, ang araw na ito ay dapat na ideklarang academic holiday para sa pagninilay, pag-alala, at paghubog sa pagkamamamayan.

Ang EDSA rin aniya ay hindi lamang isang paggunita kundi isang hindi natatapos na kilusan na humihiling ng aktibong pakikibahagi, at nagkakaisang paninindigan mula sa lahat ng sektor.

Para aniya tunay na kilalanin ito, dapat na labanan ang rebisyunismo, depensahan ang demokratikong mga prinsipyo at magtatag ng isang nasyon kung saan nananahan sa reyalidad ang hustisya, dignidad at kapayapaan.

Ilang unibersidad na ang nag-anunsiyo ng suspensiyon ng klase sa mga petsa sa pagitan ng Pebrero 23 at 25 kabilang ang Ateneo at La Salle na ilan lamang sa makasaysayang lugar noong 1986 snap election na humantong sa People Power Revolution.

## DepEd chief, pinamamadali ang pagkakakumpleto ng mga natenggang classroom

Marami sa mga naturang pasilidad ay naiwan lang na nakatiwangwang matapos simulan; ang iba rito ay mistulang inabandona na.

Ayon kay Sec. Angara, mahigit walong libong (8,000) classroom project ang sabay-sabay nang ginagawa ngayon, at binabantayan ng ahensiya ang tuluyang pagka-kumpleto sa mga ito sa lalong madaling panahon.

Mula sa naturang bilang, mahigit 3,600 classroom na rin ang nakukumpleto ng Department of Public Works and Highways (DPWH) at inaasahang magagamit na na ng mga mag-aaral sa mga susunod na school year.

Ayon pa sa kalihim, ipinanukala ng DepEd ang hanggang P3.192 billion na pondo ngayong taon para makumpleto ang kabuuang 3,614 classrooms.

Gayonpaman, tanging P2.282 billion lamang ang inaprubahan ng Kongreso, at ito ay sasapat lamang para sa 2,067 silid-aralan sa iba't-ibang bahagi ng bansa.

Sa kabila nito, tiniyak ng kalihim na nagsisilbing prayoridad ng kasalukuyang administrasyon ang paglalaan ng sapat na school infrastructure para sa mga mag-aaral upang matiyak ang kalidad, sapat, at ligtas na edukasyon.

## BSP mas hihigpitan ang enhanced due diligence policy sa mga kliyente nila

Pinayuhan ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) na ang ipinapatupad na enhanced due diligence (EDD) sa mga cash withdrawal ng mahigit P500,000 ay kada customer at hindi kada transaction basis.

Sa inilabas na memorandum ni BSP Governor Eli Remolona Jr. na ang paglilinaw ay para matiyak na walang delay sa mga lehitimong transaksyon.

Pinayuhan din nila ang mga bangko na bawasan ang proseso para sa mga customers at turuan din ang mga staff nila para maging epektibo ang pagpapatupad ng nasabing kautusan.

Nagbunsod ang nasabing kautusan noong nakaraang taon sa over-the-counter withdrawals ng mahigit kalahating milyong piso para maiwasan ang money laundering na iniuugnay sa mga malalaking withdrawals

Ang mga customers na nais na mag-withdraw ng mahigit kalahating milyon ay kailangan magpakita ng mga dokumento gaya ng deed of sale o hospital bill.

Magiging mahigpit ang due diligence check kung may kahinahinalang transaksyon ang customers

## Prayer rally para kay Revilla, idinaos ng kaniyang supporters sa Kawit, Cavite




Nagdaos ng prayer rally ang mga tagasuporta ni dating Senador Ramon "Bong" Revilla Jr. sa Aguinaldo Shrine sa Kawit, Cavite nitong Linggo, Pebrero 8, 2026.

Ito ay sa gitna ng patuloy na pagkakakulong ng dating Senador sa Quezon City Jail kaugnay ng umano'y P92.8-milyong ghost flood control project sa Pandi, Bulacan.

Dumalo ang kanyang asawa na si Cavite 2nd District Representative Lani Mercado-Revilla, na nakitang may hawak na kandila habang isinasagawa ang prayer rally.

Pinangunahan ang rally ng dasal ng mga religious leader mula sa born-again, Katoliko, at Muslim sector.

Nakiisa rin ang mga tagasuporta ng dating Senador na nakasuot ng puti at may asul na laso bilang simbolo ng pakikiisa sa pamilya Revilla.

Nagpasalamat naman si Rep. Lani sa patuloy na suporta at emosyonal na nagpahayag ng bigat ng pinagdaraanan ng kanilang pamilya, sabay iginiit ang kanilang pag-asa at pananampalataya sa Diyos.

# Intramuros Administration, kinansela na ang kontrata ng security agency vs viral security guards na nambugbog ng menor de edad

Ayon sa IA, ang hakbang ay kasunod ng utos ni Isko para sa full-scale investigation laban sa mga akusado.

Sa kanyang live program sa social media iniharap ni Isko ang dalawang akusado sa pamilya ng binugbog na menor de edad kung saan iginiit nito na ang mga private security personnel ay hindi awtorisadong mag-patrol o magpatupad ng batas sa kalye o anumang pampublikong lugar, na saklaw ng Philippine National Police (PNP).

"Kung mali na 'yung bata, 'di sana dahil menor de edad, ano ba naman 'yung tinawag nyo sa pulis. Binurin nyo 'yung iskandalong ginawa niyo…eh dayuhin ng tao 'yan, hirap na hirap na ngang buhatin ang Maynila," ani Isko.

Base sa paunang imbestigasyon ng Manila Police District (MPD), sakay ng kanyang bisikleta ang biktima habang nasa esplanade, kung saan mahigpit na ipinagbabawal ang pagbibisikleta.

Nang tumangging sumunod ang bata, nagkaroon ng mainit na pagtatalo sa pagitan niya at ng mga security guards.

Matapos ang maikling pag-uusap ay binalewala umano ito ng menor de edad kung kaya't hinabol ito ng mga guwardiya at nagkaroon muli ng sagutan.

Inawat ng mga tauhan ng Tourist Police and Intramuros PCP ang insidente at inaresto ang dalawang guwardiya.

Dinala naman sa Metropolitan Medical Center Hospital ang biktima kung saan ito nagpapagaling na ayon sa lolo ng biktima ay puro sa ulo umano ang tama.

Ngunit depensa ng dalawang security guard nagawa lang daw nila ito dahil sa "bugso ng damdamin" pagtapos umano silang pagsalitaan ng hindi maganda ng menor de edad.

Mahaharap naman ang dalawang security guard sa mga kasong physical abuse sa ilalim ng R.A. 7610 o Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and Discrimination Act.




**Sinimulan na ng Intramuros Administration (IA) ang pag-proseso para i-terminate ang kontrata ng JSL Security Agency, ang kumpanyang may ahawak sa dalawang security guards na viral habang binubugbog ang isang 17-anyos na batang lalaki sa Pasig River Esplanade sa Intramuros, Manila, noong Linggo ng gabi, Pebrero 8.**

# AFP, muling nanindigan na hindi hihinto sa pagpapatrolya ang kanilang hanay sa kabila ng mga kritisismo mula sa China




**Muling nanindigan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na ipagppatuloy nila ang kanilang mga nasimulang pagpapatrolya sa West Philippine Sea sa kabila yan ng mg kritisismo mula sa panig ng China.**

Ayon kay AFP Spokesperson for the West Philippine Sea Rear Admiral Roy Vincent Trinidad, ang mga pahayag na ito ng Chinese Communist Party ang mga nagiging dahilan ng "instability" sa WPS na siya naman aniyang bahagi ng exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas.

Aniya, ang kanilang mga isinasagawang pagsasanay sa Bajo de Masinloc na siyang bahagi ng WPS ay aprubado, duly coordinated, scheduled at alinsunod sa mga napagkasunduan at mga umiiral na batas.

Dagdag pa ni Trinidad, ang mga pattern na ito ng mga unlawful actions mula sa China ay isinagawa ng mayroong mga naging paglabag sa iba pang estado sa Southeast Asia at maging sa international law.

Kabilang na sa mga aksyon na ito ng China ang kanilang iligal na pagpapatrolya sa WPS at pagsasagawa ng umano'y pagsasanay sa Bajo de Masinloc ay pawang mga walang sapat na basehan at sumusuportang mga batas.

Samantala, kaamakailan lamang ay nagsagawa ng kanilang naval at air patrols ang China sa naturang territorial waters simula yan nitong nakaraang Lunes hanggang Biyernes.

Inihayag naman ni Trinidad na ang mga aktibidad na ito ay walang koordinasyon at hindi suportado ng umiiral na international laws.

# PNP, nilinaw na ang pagaalis ng mga politically-branded signages ay umiikot lamang sa mga PNP properties

Nilinaw ng Philippine National Police (PNP) na ang mga nakatakdang pagaalis ng mga mukha at pangalan ng mga politiko sa mga government-funded projects ay umiikot lamang sa mga PNP properties at premises kabilang na ang mga police stations, mga kampo, tanggapan at iba pang mga pasilidad sa buong bansa na siyang sakop ng kanilang organissyon.

Sa isang pahayag, inihayag ni PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr. na ang direktibang ito ay batay na rin sa naging paguutos at panukalang polisiya ng Department of Interior and Local Government (DILG) na Memorandum Circular no. 2026-006.Sa ilalim nito, inaatasan ang lahat ng yunit ng Pambansang Pulisya na alisin ang mga signages, tarpaulins, markers, posters at ibang mga materyales na mayroong mga pangalan, imahe o mga slogan na siyang kumakatawan sa isang politiko o isang opisyal. Ayon kay Nartaez, ito ay ang kanilang paraan upang maipakita ang kanilang pakikiisa sa pagpapanatili ng political neutrality, propesyonalismo at pagpapattag sa prinsipyo na ang pagbibigay ng serbisyong publiko ay hindi dapat may kinikilingan.

Samantala, ang pagbabaklas naman ay nakatakda nang umpisahan at ipapatupad sa buong bansa upang masiguro na mapapanatili ng pulisya ang integridad at ang pagiging non-partisan na organisasyon ng PNP.



# Mahigit 1-K waterbirds naobserbahan sa Cagayan



Mahigit 1,300 waterbirds ang naitala sa mga pangunahing wetland sa Cagayan province sa isinagawang Asian Waterbird Census (AWC) 2026 noong Enero 13–14, ayon sa Department of Environment and Natural Resources (DENR) Region 2.

Sakop ng survey ang mga lugar sa Buguey at Santa Teresita, kabilang ang Pattao Ponds, Minanga Weste Lagoon, at Bangalao Lake.

Itinatampok ng census ang ecological richness ng Cagayan's wetlands bilang mahalagang lugar para sa migratory birds sa buong Asia.

Pinakamadaming species sa Pattao Ponds ay ang Black-winged Stilt, sa Minanga Weste Lagoon ay ang Kentish Plover, at sa Bangalao Lake ay ang Common Snipe.

Naital rin ang iba pang ibon tulad ng Collared Kingfisher, Gray Heron, Little at Intermediate Egret, Common Greenshank, Striated Heron, Black-headed Gull, at Common Moorhen.

Ayon kay DENR Region 2 Executive Director Ismael Manaligod, ang AWC ay mahalaga para sa pagsubaybay sa kalusugan ng wetland ecosystems, pagtukoy ng mga banta, at pag-gabay sa mga hakbang sa konserbasyon.

Binanggit niya rin ang kahalagahan ng pakikipagtulungan sa mga lokal na komunidad upang mapanatili ang mga wetland bilang tahanan ng biodiversity.

Nabatid na ang matagumpay na census ay nagpakita ng resilience ng kalikasan at nagpapaalala sa responsibilidad ng lahat ng residente doon na pangalagaan ang mga likas na yaman para sa susunod na henerasyon.



# 20 pasahero, nailigtas mula sa ferry na nasiraan sa Basilan

Mahigit 20 pasahero ang ligtas na nailigtas matapos masiraan ng makina ang isang ferry boat sa karagatan ng Basilan noong Biyernes, ayon sa mga awtoridad.

Batay sa ulat, ang wooden-hulled M/L Julifer ay umalis ng Zamboanga City madaling araw ng Biyernes patungong Laminusa Island sa bayan ng Siasi, Sulu.

Bandang alas-3 ng madaling araw, bigla umanong tumirik ang makina ng sasakyan-dagat habang ito ay nasa bahagi ng Lampinigan Island sa Isabela City.

Dahil dito, napilitan ang mga pasahero at crew na humingi na ng agarang tulong.

Agad rumesponde ang mga tauhan mula sa Basilan Provincial Disaster Risk Reduction and Management Office (PDRRMO) at Isabela City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO), katuwang ang Philippine Coast Guard, upang isagawa ang rescue operation.

Ayon sa mga awtoridad, ligtas na na-evacuate ang lahat ng pasahero at crew at pansamantalang dinala sa Lampinigan, bago inihatid sa Isabela port.

Nagbigay naman ng tulong ang Isabela City Social Welfare and Development Office (CSWDO) at City Health Office (CHO) sa pamamagitan ng profiling at pagbibigay ng medical services sa mga nailigtas.

Napag-alaman na ilang oras lamang bago ang insidente ay naglabas ang Coast Guard ng temporary suspension ng sea trips bunsod ng pagdating ng Tropical Depression Basyang.

# Pagbuo ng mga bagong flood control projects, tiniyak na sasailalim sa monitoring at sisiguruhing susunod sa tamang proseso – DPWH Sec. Dizon

Tiniyak ni Department of Public Works and Highways (DPWH) na ang mga magiging bagong flood control projects na isasagawa sa ilalim ng kanilang departamento ay sasailalim sa close monitoring at susuguruhing susunod sa tamang proseso at plano.

Ayon kay DPWH Sec. Vince Dizon, kung gagawa man muli ng mga panibagong plano para sa mga flood control projects ay tiniyak nitong ito ay babantayan at magagawa ng tama kung saan binigyang diin ng kalihim na kasama ang Iligan sa mga gagawan ng mga proyekto.

Nakaranas kasi ng matitinding pagbaha nitong Bagyong Basyang ang lalawigan ng Iligan kung saan nakapagtala ito ng limang nasawi bunsod ng mabilis na pagtaas ng baha sa lugar.

Maliban dito, nangako din si Dizon na gagamitin ang pagkakataong ito para sa pagpaplano ng tama para sa taong 2027 ay mauumpisahan na ang pagbuo ng mga proyekto at istrukturang kailangan ng mamamayan lalo sa mga flood prone areas.

Samantala, batay sa monitoring ng kaniyang tanggapan, maliban sa Iligan ay nangangailangan rin ng mga flood control projects ang mga lalawigan ng Cagayan de Oro, Cotabato at Maguindanao na pawang maraming naberipikang mga flood prone areas

Magugunita naman na sa nilagdaan na proposed 2026 budget ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ay mayroong P2.49 bilyong piso na nakalaan para sa maintenance at operating expenses sa mga existing flood control and drainage systems.



# Nakababatang kapatid ni FPRRD na si Benjamin Duterte, pumanaw na

Pumanaw na si Benjamin Duterte, ang nakababatang kapatid ni dating Pangulong Rodrigo Duterte.

Ito'y matapos kumpirmahin ni Vice President Sara Duterte sa isang social media post nitong Sabado, kung saan pinasalamatan niya ang mga nagpaabot ng pakikiramay at panalangin sa kanilang pamilya.

Ayon sa bise presidente, malaki ang naging papel ng kanyang tiyuhin na kilala rin bilang "Tiyo Bong" sa mga nagdaang taon, partikular sa paghahanda at operasyon ng kampanya para sa 2025 national at local elections.

"Tiyo Bong was one of the strengths beneath our wings during the 2025 national and local campaign planning and operations. His quiet leadership will be deeply missed as we look ahead to the 2028 elections. We take comfort in our faith, knowing that we now have a campaign manager in heaven securing the success of the Filipino people," ayon sa post ni VP Sara.

Dagdag pa ni VP Sara na hiniling ng pamilya nang kanyang tiyuhin na gawing pribado ang lamay at libing nito.

"Before his passing, he expressed his wish that the wake and burial be limited to family and selected friends," ayon kay Duterte. Wala pang inilalabas na detalye ang pamilya ukol sa sanhi ng pagpanaw.



### AFFIDAVIT OF LOSS OF PAMELA S. CHICO

Notice is hereby given that I Pamela S. Chico resident of 1133 Pipestem Place Potomac MD, USA after having been sworn to in accordance with law, do hereby depose and state that I am a stockholder of Ayala Land Inc. that upon inquiry made with Ayala Land, Inc. on whether there was the issuance of Stock Certificates to us, we were informed that they have indeed issued certificates under our name and sent to us as follows:

| DATE ISSUED | CERTIFICATE NUMBER | NUMBER OF SHARES |
|---|---|---|
| 06/26/00 | 22249 | 672 |
| 06/18/07 | 54172 | 806 |

that for all intent and purpose the certificates can be considered as having been already lost that I was advised to execute this affidavit so that a replacement could be issued to us which is the subject of AFFIDAVIT OF LOSS OF PAMELA S. CHICO has been extra-judicially by the heir before Notary Public ATTY. RYAN ANTHONY G. PEREÑA at MAKATI CITY on JANUARY 23, 2026 under Not. Reg. No. 13; Page No. 03; Book No. 48; Series of 2026.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: February 02, 09 & 16, 2026**

### AFFIDAVIT OF LOSS OF PAMELA S. CHICO

Notice is hereby given that I Pamela S. Chico resident of 1133 Pipestem Place Potomac MD, USA after having been sworn to in accordance with law, do hereby depose and state that I am a stockholder of Bank of the Philippine Islands (BPI) that upon inquiry made with the Bank of the Philippine Islands (BPI) on whether there was the issuance of Stock Certificates to us, we were informed that they have indeed issued certificates under our name and sent to us as follows:

| DATE ISSUED | CERTIFICATE NUMBER | NUMBER OF SHARES |
|---|---|---|
| 10/01/1998 | 161851 | 90 |
| 09/12/2000 | 186574 | 97 |
| 06/13/2002 | 215254 | 97 |
| 06/16/2006 | 254169 | 140 |
| 07/30/2008 | 272651 | 168 |

That for all intent and purpose the certificates can be considered as having been already lost that I was advised to execute this affidavit so that a replacement could be issued to us which is the subject of AFFIDAVIT OF LOSS OF PAMELA S. CHICO has been extra-judicially by the heir before Notary Public ATTY. RYAN ANTHONY G. PEREÑA at MAKATI CITY on JANUARY 23, 2026 under Not. Reg. No. 15; Page No. 03; Book No. 48; Series of 2026.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: February 02, 09 & 16, 2026**

## Weddings officiated only in consecrated churches – Diocese of Baguio

The Diocese of Baguio does not allow weddings to be held in venues that have not been consecrated by the Catholic church.Based on Circular No. 03-2026 signed by Baguio Bishop Rafael Cruz, weddings must be celebrated inside consecrated parish churches or chapels."Marriage rites are restricted in oratories and private chapels. Consequently, this prohibition applies with even greater strictness to unconsecrated, non-sectarian chapels," he said.Cruz made the statement following inquiries that the diocese have been getting about weddings at Mountain Chapel in Itogon, Benguet. It is not a consecrated church."The venue may, however, be used for wedding receptions," Cruz said.Under the circular, members of the clergy are prohibited to preside over a Catholic wedding ceremony in such venues."All diocesan and guest priests are not permitted to conduct marriage renewals within a Mass, nor to perform the nuptial renewal of vows and blessings while wearing liturgical vestments or using official rites, in non-sectarian locations, such as hotels, parks, or unconsecrated chapels," Cruz said.

The policy is necessary in order to prevent confusion and mistaken perception of having a "Catholic sacramental wedding", he said.

### AFFIDAVIT OF LOSS OF PAMELA S. CHICO

Notice is hereby given that I Pamela S. Chico resident of 1133 Pipestem Place Potomac MD, USA after having been sworn to in accordance with law, do hereby depose and state that I am stockholder of SM Prime Holdings that upon inquiry made with SM Prime Holdings on whether there was the issuance of Stock Certificates to us, we were informed that they have indeed issued certificates under our name and sent to us as follows:

| DATE ISSUED | CERTIFICATE NUMBER | NUMBER OF SHARES |
|---|---|---|
| 07/24/2007 | 85034 | 1009 |
| 06/20/2012 | 89187 | 1252 |

That for all intent and purpose the certificates can be considered as having been already lost that I was advised to execute this affidavit so that a replacement could be issued to us which is the subject of AFFIDAVIT OF LOSS OF PAMELA S. CHICO has been extra-judicially by the heir before Notary Public ATTY. RYAN ANTHONY G. PEREÑA at MAKATI CITY on JANUARY 23, 2026 under Not. Reg. No. 14; Page No. 03; Book No. 48; Series of 2026.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: February 02, 09 & 16, 2026**

Republic of the Philippines
**REGIONAL TRIAL COURT**
National Capital Judicial Region
**OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE**
Hall of Justice, Pasay City

### NOTICE OF HEARING

Notice is hereby given that a summary hearing on the **PETITION FOR RENEWAL** of **COMMISSION** as **NOTARY PUBLIC** within and for the City of Pasay of **ATTY. KRIS VERMIE T. GARCIA** with office address at the **OFFICE OF THE AIR JUDGE ADVOCATE, COLONEL JESUS VILLAMOR AIR BASE, PASAY CITY, METRO MANILA,** shall be held on **FEBRUARY 19, 2026** at **2:30 O'CLOCK IN THE AFTERNOON** at the **OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE, RM. 405, HALL OF JUSTICE BUILDING, F.B. HARRISON STREET, PASAY CITY, METRO MANILA.** In the event that the hearing cannot proceed on the original date, the next settings will be on **March 20 & 24, 2026 at 10:00 o'clock in the morning** without further notice. Any person who has any cause or reason to object to the grant of petition may file a verified written opposition thereto, received by the undersigned before the date of the summary hearing.

Let this notice be included in the raffle for publication on **February 5, 2026** at **2:00 o'clock in the afternoon** to be published once in **PVN POINT VIEWER PUBLISHING,** a newspaper of general circulation and to be posted in three (3) conspicuous places in the Office of the Executive Judge, Office of the Clerk of Court and in the lobby of the Hall of Justice Building.

Pasay City, Metro Manila, 2 February 2026.

**(SIGNED)**
**ROWENA NIEVES A. TAN**
Executive Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Date: February 16, 2026**




## Mga pamilya ng missing sabungeros, muling nanawagan kay Atong Ang na sumuko na at harapin ang mga kaso laban sa kaniya

Muling nanawagan ang mga pamilya ng nawawalang sabungero kay Charlie "Atong" Ang, na sumuko na at harapin ang mga kasong kidnapping at serious illegal detention laban sa kaniya.

Ito ay sa gitna ng nagpapatuloy na malawakang manhunt operation ng mga awtoridad kay Ang at kasunod ng paglilinaw ng pamahalaan ng Cambodia na walang rekord ng pagpasok o paglabas ni Ang sa kanilang bansa, taliwas sa mga ulat na nagtago siya doon.

Nanawagan ang mga kamag-anak ng nawawalang sabungero kay Ang at sa kanyang pamilya na tigilan ang pag-iwas at makipagtulungan sa imbestigasyon.

Sa isang panayam, sinabi naman ni whistleblower Julie Patindongan alyas Totoy na kung wala si Ang sa Cambodia, posibleng gumagalaw siya sa ibang bansa sa Asya, o kung nasa Pilipinas, tanging pamilya niya ang nakakaalam ng kanyang kinaroroonan.

Samantala, ayon sa National Bureau of Investigation (NBI), nagsasagawa na rin sila ng hiwalay na manhunt sa Visayas kasunod ng natanggap na tip na posibleng nagtatago doon ang business tycoon.

Nananatili naman ang P10 milyong pabuya para sa impormasyon na magreresulta sa pagkakaaresto kay Atong Ang, ang itinuturing ngayon bilang "most wanted person" sa Pilipinas.

## PH Navy, nagsagawa ng send-off ceremony para makibahagi sa 3rd International Fleet Review (IFR26)

Nagsagawa ng isang send-off ceremony ang Philippine Navy para sa kanilang mga tauhan na makikibahagi para sa 3rd International Fleet Review (IFR26) na siyang pangungunahan ng Indian Navy at nakatakda ring makibahagi sa Multilateral Naval Exercise (MILAN) 2026.

Ang send-off ceremony naman ay pinangunahan ni Naval Defense Command Acting Commander Rear Admiral Peter Jempsun De Guzman para sa mga marinong nakatakdang maglayag patungong Visakhapatnam sa India.Para naman sa naturang pagsasanay, ipinadala ng Hukbong Dagat ng Pilipinas ang kanilang Malvar Class Guided Missile Frigate na BRP Miguel Malvar na siyang pamumunuan ni Captain Paul Michael Hechanova.

Layon naman ng 3rd International Fleet Review (IFR26) na magsilbing plataporma para sa pagpapalitan ng mga ideya at pagpapatibay ng kooperasyon ng mga kalahok na bansa pagdating sa kapayapaan, stabilidad at development ng Indo-Pacific Region.

Samantala, ang pakikilahok naman ng Pilipinas sa dalawang pagsasanay na ito ay nagpapakita lamang aniya ng kanilang matinding commitment para sa mas pinalakas na international cooperation, maritime peace at regional stability.

## Lacson, naniniwala na ang pagsuko sa Kalayaan Island Group ay pag-abandona rin sa buong bansa

Naniniwala si Senate President Pro Tempore Panfilo Lacson nitong Sabado na ang pagsuko sa Kalayaan Island Group (KIG) ay hindi naiiba sa pagsuko sa buong bansa.



Ayon sa Senador, nakasaad sa international law na ang unang bansa o grupo na makadiskubre at makakuha ng kontrol sa lupain ay puwede itong igiit bilang sa kanila.

"'Giving up' the Kalayaan Island Group is no different from giving up Luzon Island or the entire country. Under international law, first discovery and possession of land that belongs to no one under the legal principle of 'res nullius' or 'terra nullius' is a recognized mode of sovereign ownership. Even non-lawyers were taught this in school," ani Lacson sa kanyang post sa X (dating Twitter).

Paliwanag pa ni Lacson, natuklasan at inangkin ng lawyer at adventurer na si Tomas Cloma ang Spratly Islands sa ilalim ng prinsipyong "res nullius", kung saan ang sinumang makatuklas at makapanakop sa lupain ay kinikilalang may-ari nito. Kalaunan, isinuko ni Cloma ang pagmamay-ari ng nasabing mga lupain sa pamahalaan ng Pilipinas.

Ang pahayag ni Lacson ay tugon sa kontrobersyal na naging tugon ni Senador Rodante Maracoleta na isuko ang KIG sa China dahil hindi na umano ito sakop ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ng Pilipinas.

"Yan ang hindi ko mapalampas," sabi ni Lacson, na bumisita sa KIG noong 2021, sa isang panayam sa radyo. Dagdag pa niya na ang Kalayaan ay isang munisipalidad ng Palawan at tinitirhan ng tinatayang 300 pamilyang Pilipino.

"Nang narinig ko sabi ni Sen. Marcoleta na ipamigay na lang natin, hindi ako makapigil doon kailangan liwanagin natin kasi sa atin 'yan at may basehan kung bakit atin 'yan. Sabi niya sa labas ng EEZ. 'Di ko matanggap 'yan kasi nandoon na nga may Pilipino sa Pagasa Island," aniya.

Nilinaw naman ni Marcoleta na ang kanyang pahayag ay na mali lang ng pagkakaintindi.

Pero para kay Lacson, ipinaliwanag lamang niya na ang arbitral award sa West Philippine Sea ay hindi sumasaklaw sa Kalayaan Island Group, na kinabibilangan ng Pag-asa Island.

"Paano ka ngayon makakagawa ng mapa ng West Philippine Sea kung isinama mo yung Kalayaan Island Group? Kaya hanggang ngayon, pinipilit ko, hinahamon ko sila eh. Hindi nila magawa," ani Lacson.

Samantala naniniwala naman si Senador erwin Tulfo na hindi papabor ang mayorya ng mga Pilipino sa suhestiyon ni Marcoleta.

Sinabi naman ni Palace Press Officer Atty. Claire Castro, malinaw ang paninindigan ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na walang isusuko kahit na katiting na lupa sa West Philippine Sea.

# Jeffrey Epstein, umano'y nag-hire ng PH team para burahin ang negatibong impormasyon sa kanya online

Batay 'yan sa mga dokumentong nakalap ng Estados Unidos, kabilang na ang mga email exchange nina Epstein at ni Al Seckel, na asawa ng kapatid ni Ghislaine Maxwell—ang dating kasintahan at pangunahing katuwang ni Epstein sa pangangalap ng mga menor de edad.

Si Maxwell ay nahatulan noong 2021 kaugnay ng sex trafficking crimes ni Epstein.

Sa mga email, inilarawan ni Seckel ang isang organisadong kampanya upang itago ang umano'y mga krimen ni Epstein sa online search results. Kabilang na rito ang pag-gawa ng mga positibong link tungkol kay Epstein.

Sa isa pang email noong Disyembre 7, 2010, sinabi ni Seckel kay Epstein na natanggal na umano sa Google search suggestions ang mga terminong "Jeffrey Epstein jail" at "Jeffrey Epstein pedophile," na tinatrabaho raw nang isang Philippine-based team.

"Our group in the Philippines is building links and links to our sites, pseudo sites, and the other Jeffrey Epsteins of the world," ayon kay Seckel sa isang email noong Oktubre 2010.

Ayon sa U.S. DOJ documents, lumikha ang grupo ng maraming website at web pages na nagpapakita kay Epstein bilang isang philanthropist, nag-popondo ng mga project na may kinalaman sa Science, at maski sa sports.

Nabatid na ang mga pahinang ito ay pinagdugtong-dugtong gamit ang libo-libong links upang manipulahin ang resulta ng mga search engine.

Inilahad pa ni Seckel na mahalaga ang pag-edit sa tala ng buhay ni Epstein sa Wikipedia page. Sa isang email noong Disyembre 16, 2010, sinabi niyang "important victory" ang pagkontrol sa nilalaman nito dahil madalas itong lumalabas sa search results sa internet.

'Now the head lines do not mention convicted sex offender or pedophile. Instead, Philanthrophic work, Epstein Foundation, Promotion of Scientists,' ayon kay Seckel.

Magugunitang si Jeffrey Epstein ay inaresto noong 2019 sa kasong sex trafficking at pang-aabuso sa mga menor de edad sa US at iba pang bansa. Siya ay namatay habang nakakulong sa New York jail noong parehong taon habang hinihintay ang kanyang paglilitis.



Lumabas sa mga dokumentong inilabas ng United States Department of Justice (DOJ) na umanong nag-hire ang yumaong sex offender na si Jeffrey Epstein ng isang team na naka-base sa Pilipinas upang burahin at takpan ang mga negatibong impormasyon tungkol sa kanya sa internet.



## 3 Doors Down lead singer Brad Arnold pumanaw na, 47

Pumanaw na ang lead singer ng rock band na 3 Doors Down nasi Brad Arnold sa edad na 47.

Kinumpirma ng banda sa kanilang social media account ang pagpanaw ng singer dahil sa ilang taong pakikipaglaban sa cancer.

Nabuo ang grupo noong 1995 sa Mississippi kung saan matapos ang apat na taon ay nominado sa Grammy Awards ang kanilang hitsong na "Kryptonite".

Sinulat ni Arnold ang nasabing kanta noong ito 15-anyos pa lamang siya sa math class.

Ang kanilang kauna-unahang album na "The Better Life" ay nakabenta ng mahigit 6 milyon na kopya.

Nakakuha rin sila ng ikalawang Grammy nomination sa kanta nilang "When I'm Gone" noong 2003.

Naglabas sila ng ika-anim na albums na "US And The Night" noong 2016 kung saan kasama ang mga kantang "Loser", "Duck and Run" at "Be Like That" na ginamit sa pelikulang "American Pie 2".

## Rafah Crossing sa Gaza muling binuksan, ngunit kakaunti lamang ang nakakatawid

Muling binuksan ang Rafah crossing, pangunahing daanan palabas at papasok ng Gaza, ngunit kaunti lamang ang nakatawid dahil sa pagtatalo sa crossing, matagal na paghihintay, at mga ulat ng ilang Palestino na naka-posas at ini-interrogate ng Israeli soldiers.

Ayon sa UN, sa unang apat na araw, 36 pasyente at 62 kasama lamang ang nakalabas, habang tinatayang halos 20,000 Palestino ang naghihintay. Sarado rin ang crossing noong Biyernes at Sabado.

Ilang Palestino ang nagkuwento ng mahigit anim na oras na interogasyon at pang-iinsulto, at ayon sa UN, may "pattern ng ill-treatment at humiliation" ng Israeli forces.

Nagpatuloy ang pagkaantala dahil sa limitadong transportasyon, bawal na gamit, at isa-palabas, isa-papasok na sistema. Sa kabila nito, may mga Palestino tulad ni Siham Omran na nagpasalamat sa makabalik sa kanilang tahanan, kahit nakatira sa isang tolda kasama ang 15 kapamilya.

## Japan PM Takaishi coalition, nakakuha ng landslide victory sa katatapos na snap election

Nagtapos ng makasaysayan ang ginanap na snowy snap election sa Japan.

Ito ay matapos makakuha ng landslide victory ang coalition ni Japan Prime Minister Sanae Takaichi, ang kauna-unahang babaeng Prime Minister sa kasaysayan ng Japan, ang tinaguriang "fourth largest economy" sa buong mundo.

Nagwagi ang Liberal Democratic Party (LDP) ng mahigit 310 mula sa 465 seats sa lower house ng Japan, ito ang unang pagkakataon simula noong World War II na nakakuha ng two-thirds majority vote ang isang partido.

Matatandaan, nahalal si Takaichi bilang bagong PM ng Japan noong Oktubre 21 ng nakalipas na taon. Si Takaishi rin ang pinuno ng namamayagpag na LDP, pero dahil hindi nakuha ng partido ang mayorya ng parehong kapulungan ng parlamento, nagpatawag si Takaishi ng snap election upang makakuha ng direktang mandato mula sa taumbayan.

Nagpaabot naman ng pagbati si US President Donald Trump sa pagkapanalo ni Takaichi. Matatandaan, nakatanggap si Takaichi ng pambihirang pag-endorso mula sa US President. Sa katunayan, inimbitahan pa ni Trump si Takaichi na bumisita sa White House sa Marso 19.

Sa ngayon, humaharap ang Japan sa ilang mga hamon kabilang ang mabilis na pagtanda ng kanilang populasyon, pagtaas ng cost of living, humihinang halaga ng yen, at lumalalang relasyon sa China kasunod ng pahayag ni Takaichi na posibleng makialam ang Japan sa Taiwan conflict.



## Bad Bunny hinangaan sa Grammy Awards

Nagtala ng kasaysayan sa 68th Grammy Awards si Puerto Rican superstar Bad Bunny.Ito ay matapos na magwagi siya ng Album of the Year " Debi Tirar Mas Fotos" ang unang Spanish-Language na nagwagi ng nasabing pagkilala.Habang ang rapper na si Kendrick Lamar ay nagkamit ng limang panalo kasama na ang best rap album at record of the year.Dahil dito ay siya ang unang rap artist na nagkamit ng maraming award sa Grammy.

Sa nasabing awarding ceremony ay kinilala din ang namayapang si Ozzy Osbourne kung saan kinanta nina Slash ng Guns and Roses, Chad Smith ng Red Hot Chilli Peppers , Duff Mckagan ng GNR , Alex Watt at Post Malone sa vocals at kinanta ang "War Pigs" ng Black Sabbath.Nagwagi rin ang spirtual leader na si Dalai Lama sa kaniyang audio book na "Meditation: The Reflections of His Oliness the Dalai Lama".



## Channing Tatum, sumailalim sa operasyon dahil sa 'separated shoulder'

Sasailalim sa operasyon ang Hollywood actor na si Channing Tatum dahil sa isang "separated shoulder," ilang buwan lamang matapos siyang magtamo ng injury sa kanyang binti.

Sa isang Instagram post, ibinahagi ng 45-anyos na aktor ang isang black-and-white na larawan habang siya ay nasa hospital bed, ilang sandali bago isagawa ang operasyon.

"Just another day. Another challenge. This one is gonna be hard. But whatever. Let's get it in," caption ni Tatum sa kanyang post.

Nagbahagi rin ang aktor ng sunod-sunod na X-ray images sa kanyang Instagram Stories. Makikita sa unang larawan ang nasugatang shoulder na may caption na "Separated shoulder," habang sa sumunod na imahe ay ipinakita ang naayos na balikat na may nakakabit na metal screw.

Pabirong hirit pa si Tatum nang isulat niya ang, "Screwed shoulder. Yay."

Hindi naman diretsahang ibinahagi ng aktor kung paano at kailan eksaktong nangyari ang insidente. Gayunman, ayon sa ulat, nangyari umano ang injury matapos siyang madulas habang nag-ski sa Utah, ilang sandali matapos dumalo sa 2026 Sundance Film Festival para sa premiere ng pelikula niyang "Josephine," na nagwagi ng top jury award.

Ang shoulder injury ni Tatum ay kasunod lamang ng nauna niyang pinsala sa binti habang kinukunan ang pelikulang "Avengers: Doomsday," kung saan muli niyang ginagampanan ang karakter na Gambit. Noong panahong iyon, ibinahagi rin ng aktor na kinailangan niyang sumailalim sa intensive physical therapy.

Sa kabila ng sunod-sunod na injury, patuloy pa ring laman ng balita si Tatum, lalo na matapos siyang makunan ng litrato na nakikipaghalikan sa kanyang girlfriend na si Inka Williams.

Lumutang ang nasabing relasyon ilang buwan matapos ang hiwalayan nila ng kanyang dating fiancée na si Zoë Kravitz noong October 2024, matapos ang tatlong taong pagsasama.

Matatandaang noong 2018, tuluyan ding naghiwalay sina Tatum at ang dati niyang asawa na si Jenna Dewan, na siyang ina ng kanyang 12-anyos na anak na si Everly.




"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"
**Taytay RTW Base**
**Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay San Jose, Tarlac, Philippines**
**Contact No.# 09460277182**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: February 16 - 22, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**
**Contact : Juliana Diesta # 09052264801**
**krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: February 16 - 22, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: February 16 - 22, 2026



# CROSSWORDS

## Across

1. Needlework?
5. Engineer Nikola
10. Not exciting
14. Color name that means "unbleached" in French
15. Mermaid whose best friend is Flounder
16. Spa wrap
17. Bront
ë
novel locale
18. Silver screen lovers
20. Fish exhibit only viewable
by appointment?
22. Inception
23. "XO, Kitty" creator Jenny
24. Himalayan bovine
27. "Oh my!"
31. Invitation to eat
33. 1990 accessibility law, for short
36. Procession of new arrivals
to a lion sanctuary?
39. Tree with an edible heart
41. Accustom
42. Outfielder Tommie in the Mets Hall of Fame
43. Gorillas who give glowing
testimonies?
46. 1960s youth activist org.
47. Like some pads
48. In motion
50. Yang counterpart
51. Up to, briefly
54. Celeb's image problem
58. "The Case of the Disappearing Crows," e.g.?
63. Comfortable in social settings
65. Oklahoma city
66. Classic video game
67. Words of concession
68. Turn on a __
69. Tunneling pests
70. Less vulnerable
71. Love, in Lima

## DOWN

1. Pace
2. Source of a mighty oak
3. Sept moins quatre
4. Questionnaire
5. Discretion
6. Lake known for walleye
7. Greed, lust, wrath, et al.
8. Little sucker
9. Generation after Z
10. Élan
11. Idles
12. 16th pres.
13. Bucks and boars
19. Odyssey maker
21. On
25. Helped
26. Capped joints
28. __ large
29. Fan pub
30. "The Residence" actress Uzo
32. Golden yrs. fund
33. Appropriately
34. "Would it be too bold of me?"
35. Chiropractor's concern
37. Noted times
38. Bottled (up)
40. Deg. for many a Wharton
grad
44. Extreme
45. Call for a reservation?
49. Like decent bonds
52. Elba who voices Chief Bogo in the "Zootopia" films
53. "The Translator" novelist
Aboulela
55. Fabric first known as "sergé de N
î
mes"
56. Excellent
57. Truck rental choice
59. Some fluffy boots
60. Solar panels spot
61. Contemplate
62. Belgian river
63. Graduation stat
64. Director Howard



# WORD HUNT

## THE OFFICE



MICHAEL
CREED
TOBY
JAN
ROBERT
DWIGHT
ANDY
MEREDITH
KELLY
GABE
JIM
ANGELA
RYAN
OSCAR
ROY
PAM
KEVIN
DARRYL
STANLEY
ERIN
HOLLY
PHYLLIS

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| T | M | Y | E | M | R | A | C | S | O | C | K |
| O | Y | I | B | D | D | D | A | R | L | O | E |
| B | A | P | J | L | Y | I | E | N | H | L | V |
| Y | T | H | G | I | W | D | Y | E | A | J | I |
| D | A | R | R | Y | L | P | A | M | R | Y | N |
| C | Y | M | D | L | I | E | B | A | G | C | R |
| A | L | E | A | Y | L | E | A | H | C | I | M |
| L | A | R | T | P | E | N | C | R | Y | I | P |
| E | N | E | D | R | H | L | A | W | O | L | Y |
| G | D | D | I | L | E | Y | N | J | N | Y | L |
| N | Y | I | E | N | P | B | L | A | H | S | L |
| A | E | T | R | R | B | N | O | L | T | I | O |
| N | M | H | I | R | L | A | B | R | I | S | H |
| L | Y | L | N | C | K | E | L | L | Y | S | L |

# Brown at White, pinangunahan ang panalo ng Boston kontra Miami




Pinangunahan nina Jaylen Brown at Derrick White ang panalo ng Boston Celtics laban sa Miami Heat, 98-96.

Parehong gumawa ng clutch shots ang dalawang guard para habulin ang single-digit lead ng Miami sa huling tatlong minuto ng 4th quarter.

Hawak pa ng Heat ang 3-point lead, mahigit 2 minuto bago matapos ang laban hanggang maipasok ang 96-96 score, pabor sa Miami.

Agad binura ng Celtics ang deficit sa pamamagitan ng corner 3 ni White at ibinulsa ng Celtics ang 98-96 lead.

Hindi na nakabawi pa ang Miami at dinanas ang 2-point loss sa kamay ng 2024 NBA champion.

Sa pagtatapos ng laban, ibinulsa ni Brown ang 29 points at pitong rebounds habang 21 points, limang assists, at apat na blocks naman ang ambag ni White.

Nasayang ang 26 points, 6 rebounds, at isang steal ni dating NBA champion Andrew Wiggins sa panibagong pagkatalo ng Miami na kasalukuyang may 27-26 win-loss record.

Hawak naman ng 2024 NBA champion ang 34-18 kartada.

PVN SPORTS

NO. VIII ISSUE NO. 29 FEBRUARY 16 - 22, 2026 ₱ 15.00

## Carlos Alcaraz, pinakabatang tennis player na nagwagi ng career grand slam

Umukit ng kasaysayan sa sports na tennis si Carlos Alcaraz.


Itinuturing siya bilang pinakabatang nakumpleto ang careers grand slam.

Nakamit nito ng talunin si Novak Djokovic sa finals ng Australian Open sa score na 2-6, 6-2, 6-3, 7-5.

Pinatunayan ng 22-anyos na si Alcaraz na siya pa rin ang nasa world number 1 sa tennis.

Pinatunayan nito ang galing niya matapos na mamamayagpag sa mga torneo gaya ng Australian Open, French Open, Wimbledon at US Open.

Mas bata pa ito ngayon noong makamit nina Rafael Nadal na nasa edad 24 noong nakuha ang Grand Slam; habang edad 27 si Roger Federer ng makamit ang Grand Slam at 29 anyos naman ang Serbian tennis star na si Djokovic.



## Chicago center Nikola Vucevic, maglalaro na sa Boston Celtics



Maglalaro na sa Boston Celtics ang dating bigman ng Chicago Bulls na si Nikola Vucevic matapos siyang i-trade ng koponan.

Batay sa inilabas na impormasyon ukol sa naturang trade, kapalit ang ni Vucevic ang guard na si Anfernee Simons at isang second-round pick. Si Simons ay na-trade lamang sa Bostons noong July 7, 2025 kapalit noon ng 2-way player na si Jrue Holiday.

Ngayong season, nagagawa ni Vucevic na magpasok ng 16 points per game at 9 rebounds.

Una siyang naglaro ng siyam na season sa Orlando Magic at noong 2020-2021 ay nalipat siya sa Bulls.

Sa pananatili niya sa Chicago, dalawang beses siyang nakapasok sa All-Star Game

Sa kabilang banda, hawak ni Simons ang average na 14.2 points per game at napapanatili niya ang 39.5% shooting mula sa 3-point line sa loob ng maikling panahon na pananatili niya sa Celtics

Matatapos na ang trade deadline sa NBA sa Pebrero-6, at inaasahang mas maraming trade pa ang mangyayari sa susunod na dalawang araw.

## Anthony Davis, maglalaro na sa Wizards

Nagkasundo ang Dallas Mavericks at Washington Wizards para sa eight-player blockbuster trade.

Pumayag ang Dallas na i-trade ang 10-time All-Star big man na si Anthony Davis kasama ang guards na sina Jaden Hardy, D'Angelo Russell at Dante Exum patungo sa Wizards.

Kapalit nina Davis sina Khris Middleton, AJ Johnson, Malaki Branham, Marvin Bagley III, at dalawang first-round draft picks at tatlong second-rounders.

Ang blockbuster trade ay nangyari isang araw bago matapos ang trade deadline sa NBA.

Kung babalikan ang kabuuang pananatili ni Davis sa Mavericks mula noong siya ay na-trade mula sa Los Angeles Lakers, umabot lamang sa 29 games ang kaniyang nagawang paglalaro dahil sa iba't-ibang injuries.

Gayonpaman, nananatiling mataas ang produksyon ng ng bigman, kapwa sa scoring at defense. Hawak niya ang average na 20.1 points at 11.1 rebounds per game loob ng 20 games na kaniyang inilaro ngayong season.

Makakasama niya sa Washington ang dating Atlanta Hawks star na si Trae Young na kagaya rin niyang injured.

Sa kabilang banda, hawak naman ng dating NBA champion na si Khris Middleton ang average na 16.4 points, 4.7 rebounds at 3.9 assists per game. Napanatili niya ang naturang average sa loob ng 14 season na kaniyang paglalaro sa NBA.







## Laban ni Alex Eala sa Qatar Open inaabangan na

Inabangan ng maraming Pinoy fans sa Qatar ang pagsabak ni Alex Eala sa WTA 1000 Qatar Open.

Makakaharap nito ang Czech player na si Tereza Valentova.

Si Valentova ay mas mababang ranking na 44 kumpara kay Eala na nasa ranked 45.

Huling nagkaharap ang dalawa ay noong nakaraang Oktubre 24, 2025 sa Round of 32 ng Japan Women's Open subalit nabigo ang Pinay tennis star.

Ang 5-foot-9 at righthanded na si Valentova ay 18-anyos pa lamang kung saan kaya ito nakapasok sa main draw ng Qatar Open dahil sa tinalo nito sina Ella Seidel at Arina Rodionova.

Magugunitang galing lamang sa Abu Dhabi Open si Eala kung saan nabigo ito sa quarterfinals.

Gaganapin ang laban ng dalawa nitong Lunes ng gabi, Pebrero 9.

## Pistons, tinambakan ng 53 points ang Nets

Tinambakan ng Detroit Pistons ang Brooklyn Nets ng 53 puntos, 130-77.

Halos walang kahirap-hirap na tinapos ng Detroit players ang laban matapos nilang maitala ang 57% overall shooting kumpara sa nakadismayang 33% ng Brooklyn.

Sa loob lamang ng 26 minuto ngpaglalaro, nakapagtala na si Pistons guard Cade Cunningham ng 18 puntos at 12 assists.

Nagdagdag pa siya ng tatlong blocks at apat na steals upang pangunahan ang depensa at opensa ng kanyang koponan.

Hindi rin siya binigo ng kanyang mga kakampi matapos makapuntos ang lahat ng 12 players na ginamit, kung saan pito sa kanila ang kumamada ng double-digit scores.

Samantala, sa malamlam na performance ng Nets, umabot lamang sa 12 puntos ang pinakamataas na individual score na naitala ng bench player na si Cam Thomas.






## US skiing superstar Lindsey Vonn lalahok pa rin sa Winter Olympics

Nakatakdang lumahok sa 202 Winter Olympics si American skiing superstar Lindsey Vonn.

Ito ay kahit na dumaranas siya ng "completely ruptured" ACL dahil sa aksidente.

Kinumpirma ng 41-anyos na si Vonn ang pagsali sa isinagawang press conference ng USA Skiing Team.

Natamo ni Vonn ang injury sa World Cup race sa Crans-Montana.Matapos ang insidente ay dinala ang 2010 Olympic Gold medalist sa pagamutan.

Sasabak si Vonn sa women's downhill event sa araw ng Linggo bago nito ay lalahok din siya sa super-G at combined team competition.